

Higit na Kayamanan ang Mabuting Relasyon

A Lord's Flock General Assembly Topic

Ni: Fr. Arlo Yap

Pebrero 17, 2024

Karamihan sa atin ay naniniwalang ang kalusugan ay kayamanan. Pero kahit tayo ay naniniwala ng ganito, hindi natin dapat kalimutan na ang mabuting relasyon ay higit na kayamanan. Ang ating mga relasyon ay may tatlong pananaw: sa sarili, sa kapwa, at sa Diyos. Ang pinakamahalaga, ang higit na mayaman na relasyon ay dapat nasa *personal* na antas.



1. Relasyon sa Ating Sarili

Marahil, hindi natin lubusang nalalaman na ang laging nabu-*bully* ay ang ating sarili. Hindi natin namamalayan, binu-*bully* natin ang ating sarili kung sinasabi nating wala tayong kakayahan; kung sinasabi nating hindi natin kayang gawin. Nasa isip lamang ang lahat ng ito. Kung paano tayo mag-isip ay iyon din ang ating pakiramdam; at kung paano tayo kumilos ay iyon din ang nagiging pagkatao natin. Sobrang pagod ang mararamdaman natin kung lagi natin sinasabing, "*stress* ako." Sa halip, dapat nating isipin kung ano ang kailangan nating unahin - magsimula kahit saan at magtapos sa isang lugar. Dagdag pa dito, kung binigyan tayo ng payo gamit ang Salita ng Diyos, naliliwanagan tayo (Mateo 4). Ang isip ang nagbibigay ng direksyon at ang puso ang nagbibigay ng motibasyon. Samakatuwid, ang relasyon natin sa ating sarili ay nagsisimula sa ating pag-iisip.

2. Relasyon sa kapwa at sa Diyos

Ang pakikipagkaibigan natin sa kapwa at sa Diyos ay may 3 antas:

2.1 "Hi, hello" na Pakikipagkaibigan. Ito ang simpleng batian na hindi masyadong nangangailangan ng malalim na pakikipagkaibigan. Kumaway lamang ang mga tao kay Hesus noong Linggo ng Palaspas.

2.2 "Functional" na Pakikipagkaibigan. Mayroon ka lamang responsibilidad (trabaho lang): a) sa

pagitan ng anak at magulang - ang anak ay may pangangailangan sa magulang; b) sa pagitan ng mag-asawa kung ang tawag nila sa isa't-isa ay papa at mama - responsibilidad bilang magulang; c) sa pagitan ni Hesus at ng Kanyang mga alagad sa Pagpaparami ng Tinapay, at marami pang iba. Sa totoo lang, pumupunta lamang tayo sa simbahan dahil may kailangan tayo kay Hesus.

2.3 "Personal" na Pakikipagkaibigan. Maaari tayong maging totoo sa ating sarili sa harap nila at maaaring may lambing ang tawagan.

2.2.1 Tinanong ni Hesus si Pedro ng 3 beses kung mahal Siya. Kahit na itinatwa Siya ni Pedro ng 3 beses bago Siya ipako sa krus, gusto pa rin ni Hesus si Pedro na maging personal Niyang kaibigan.

2.2.2 Noong tinuruan tayo ni Hesus paano dasalin ang Ama Namin, nagsimula Siya sa papuri at pagsamba sa Ama bago Siya humingi.

2.2.3 Dapat din lumabas ang mag-asawa na silang dalawa lamang at gawing muli ang mga dati nilang ginagawa tulad noong nagliligawan at kakakasal pa lamang.

2.2.4 Ganito rin ang dapat mangyayari sa matagal ng magkakaibigan na maging bukas sa isa't isa.

3. Ang personal na pakikipagkaibigan ay nagpapakita ng pagmamalasakit. Ang pagdanas ng kahirapan nang walang pag-ibig ay pagdurusa. Samantala, kung may pag-ibig, ang kahirapan ay nagiging sakripisyo. Ang mga gawain sa ministeryo ay nagiging magaan kung mabuti ang relasyon.

Konklusyon:

Dapat nating palalimin ang personal na pakikipagkaibigan sa kapwa. Kahit hindi kumikibo, damdam natin ang kanilang nararamdaman. Tulad ni Hesus, ibinibigay Niya ang ating pangangailangan bago pa man natin hilingin ito dahil personal natin Siyang kaibigan (Juan15). Tunay nga na ang mabuting relasyon ay higit na mayaman.

Pagninilay:

1. Ang relasyon mo ba sa Panginoon ay *personal* o *functional*? Paano mo palalalimin ito?
2. Ang iyong relasyon ba sa iyong pamilya ay *functional* o *personal*?
3. Sa *Community*, sino ang *personal* ang relasyon?

Scribes Ministry

Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento

Na-edit ni : Sis Nida Cruz

<https://lordsflock.org/digests>

Tags: #Relasyon,#Pagkakaibigan